# Mula Abril 2022, ang legal na edad ng mayorya ay 18 taong gulang na.

Mula Abril 2022, lahat ng 18 taong gulang pataas ay ituturing na mga nasa hustong gulang. Kapag ikaw ay nasa hustong gulang na, maaari kang pumasok sa isang kontrata ng mag-isa. Gayunpaman, mawawalan ka ng karapatan na kanselahin ang isang kontrata na ginawa ng walang pahintulot ng iyong magulang. Samakatuwid, magiging mahirap para sa iyo na umurong sa isang kontrata. Ngunit hindi ka maaaring manigarilyo o uminom ng alak hanggang sa ikaw ay 20 taong gulang.

Ang mga taong nasa hustong gulang na ay madaling madaya kapag pumasok sila sa mga kontrata. Kapag nagkaproblema ka, tumawag sa 188 at humingi ng payo. Kung hindi ka makapagsalita ng Nihongo, tawagan ang Sentro para sa Multikultural na Pangkalahatang Konsultasyon sa Shizuoka, Camellia sa 054-204-2000.